# ANG TUMATAAS NA KASO NG PAGDA-DROPOUT SA PILIPINAS

*Ni:*
**Adam Helson G. Elardo**
*Teacher I, St. Francis National High School*

Si Placido Penitente ay isa sa mga piksyunal na tauhan sa nobela ni Dr. Jose Rizal na pinamagatang El Filibusterismo. Nakilala ang kanyang karakter sa husay na ipinamalas sa klase subalit nawalan ng gana sa pag-aaral dahil na rin sa sistemang mayroong sa paaralang kanyang pinapasukan kaya't hindi na tinuloy ang pag-aaral – nag-dropout.

Kathang-isip man, si Penitente ay sumasalamin sa maraming mag-aaral sa Pilipinas hanggang sa kasalukuyang panahon. Maraming mag-aaral ang humihinto sa pag-aaral dahil sa samu't saring mga kadahilanan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ayon kay Bostwick (2020) ang Pilipinas ay may 6.38% sa elementarya ng kaso ng pagda-dropout at 7.82% naman sa antas sekondarya. Ang mga datos na ito ay nakababahala lalo't ito ay nagresulta sa Pilipinas bilang bansa sa buong ASEAN na nangunguna sa pinakamataas na kaso ng pagda-dropout. Tatlong pangunahing dahilan ng paghinto sa pag-aaral ay gutom, trabaho, at mga tunggalian. Dahil sa nararanasang gutom dala ng hirap ng buhay ay kinakailangang ang isang estudyante ay maghanap-buhay at isakripsyo ang kanyang pag-aaral. Marami namang mag-aaral ang nadadamay dala ng mga human-conflict at giyera sa ibang panig ng bansa lalo na sa mga rehiyon ng Mindanao.

Lalo pa itong lumala nang kumalat sa bansa ang pandemyang Covid-19. Sa katunayan, naitala nga ang 27.7 milyong Out of School Youth noong 2019 sa pampubliko at pampribadong paaralan.

Wika nga ni Aranda (2021) ang Pilipinas bilang isang bansang itinuturing na Third World Country ay napakahalaga ng edukasyon dahil ito ang susi sa pag-unlad ng lipunan. Edukasyon ang susi upang makamit hindi lamang ng isang mag-aaral ang progreso bagkus ito'y magtutulak din sa bansa upang ito ay sumulong tungong pag-unlad.

Malaki ang hamon para sa Kagawaran ng Edukasyon ang pababain ang bilang ng pagda-dropout sa bansa. Maraming nang hakbang na ginawa ang kagawaran upang ito ay maisakatuparan.

Kaya naman lumikha ang kagawaran ng programa gaya ng ALS o Alternative Learning System, Dropout Redution Program, EFA o Education for All, at marami pang iba. Ngunit ang mga programang ito ay hindi sasapat kung ang nasabing kagawaran lamang ang kikilos. Ito rin ay obligasyon ng mismong mag-aaral, pamahalaan, mga pribadong ahensiya, tagapamanihala, mga magulang at mga guro.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa madaling sabi, ang bawat isa ay kailangang magtulungan upang magbigyan ng pagkakataon ang maraming mag-aaral na maipagpatuloy ang pag-aaral at makamit ang kanilang pangarap sa buhay. Higit sa hangarin na pababain pa ang mga datos na nagsasaad ng pagtaas ng kaso ng pagda-dropout, ay mahalaga na makamit ng mga mag-aaral ang ganap at kapaki-pakibang na pagkatuto ng mga mag-aaral.

*Sanggunian:*

Bostwick, S. (2020, Enero 16). Children, Developing Countries, Development, Education, Global Poverty, Philippines: Education In The Philippines. The Borgen Project. https://borgenproject.org/tag/philippines/

https://www.philstar.com/headlines/2021/02/08/2076087/senators-alarmed-over-increasing-number-dropouts

Aranda, C. (2021, Agosto 9). School of Hard Knocks. The Manila Times. https://www.manilatimes.net/2021/08/09/opinion/columns/school-of-hard-knocks/1810236

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan